

# WELCOMING SAN DIEGO

## Estratehikong Plano sa Integrasyon ng Imigrante at Refugee 2019-2024 Executive Summary

Ang Nakalulugod na estratehikong plano ng San Diego sa integrasyon ng imigrante at refugee ay isang komprehensibong plano para sa rehiyon ng San Diego upang mapag-ugnay ang mga komunidad na baguhan at ipinanganak dito tungo sa pinagbabahagiang kasaganaan at iisang kinabukasan.

Ang mga rekomendasyon ay ang taluktok ng pagbibigay ng pananaw ng komunidad at mga pagtalakay ng mga may interes sa kabuuan ng 2018. Ang limang-taong plano ay nagsisimula sa apat na rekomendasyon sa pagitan ng mga sektor na nagpapalalim at nagpapalawak sa gawain ng integrasyon ng imigrante at nagpapaangat sa pag-uusap at mga samahan. Ito ay sinusundan ng mga rekomendasyon sa mga pangunahing larangan ng: oportunidad sa kabuhayan, edukasyon, inklusibong pag-access, pakikibahagi sa lipunan at ligtas at konektadong komunidad.

Ang bawat isa sa mga rekomendasyong ito ay may katumbas na mga pangmaikling panahon at pangmatagalang estratehiya na nagmumula sa patakaran, hanggang sa pagpopondo at hanggang sa mga inobasyong nagpapatuloy sa mga umiiral nang aktibidad at iminomodelo ang mga pinakamahusay na kasanayan. Ang planong ito ay nag-aatas sa lahat ng may interes na magkaroon ng dedikasyon sa patuloy na kolaborasyon, komunikasyon at mga hakbang sa pagkakaroon ng pananagutan. Sa pagtutulungan tungo sa mga mithiing ito, maipagpapatuloy natin ang ipinagmamalaking tradisyon ng San Diego bilang malugod na tumatanggap sa mga dreamer, tagapagpatayo at naghahangad ng kalayaan.

Ang buong planong may mga mithiin, rekomendasyon at estratehiya ay maaaring ma-access online sa:  
[www.welcomingsd.org](http://www.welcomingsd.org)

### Buod ng mga Rekomendasyon

#### Sa Pagitan ng mga Sektor:

1. Likhain ang Office for Immigrant Advancement (Tanggapan para sa Pagsulong ng Imigrante - OIA) upang maitatag at maiangat ang mga patakaran, programa at kasanayan sa integrasyon ng mga imigrante sa San Diego.
2. Paramihin at pag-iba-ibahin ang mga modelo sa pagpipinansya upang matugunan ang iba't ibang pangangailangan ng mga bagong dating, upang masuportahan ang mga sistema ng integrasyon at upang malinang ang mga samahan.
3. Itampok ang mga istorya ng mga imigrante at tumatanggap na mga komunidad sa pamamagitan ng pagpupulong para sa estratehiya, pagtatakda ng agenda sa mga panrehiyong talakayan at mga pangkulturang pagdiriwang.

4. Pakinabangan ang mga datos at magpatupad ng mga hakbang sa pagsusuri upang mapabuti ang mga patakaran at kasanayan sa integrasyon ng mga migrante.

#### **Oportunidad sa Kabuhayan:**

5. Padaliin ang pagsulong ng mga manggagawang imigrante sa karera sa pamamagitan ng pagtatalaga sa trabaho, proteksyon sa mga karapatan, inklusibong pagtanggap sa trabaho, pagpapabuti ng kasanayan at muling pagbibigay ng kredensyal.
6. Itaguyod ng pagnenegosyo ng mga imigrante at suportahan ang mga negosyong pag-aari ng mga imigrante.
7. Itaguyod ang karunungan sa pananalapi para sa mga bagong dating na komunidad.
8. Siguraduhin ang katatagan sa pabahay at bawasan ang mga hadlang tungo sa pagmamay-ari ng tirahan.

#### **Edukasyon:**

9. Alisin ang mga hadlang sa mga kasalukuyang na programang pang-edukasyon para sa mga kabataan at nasa hustong edad, at palawakin ang pakikilahok at suporta ng pamilya.
10. Pahasayin ang kurikulum para sa iba't ibang kultura sa edukasyong K-12 at paramihin ang mga serbisyong nagbibigay ng suporta para sa mga bagong dating na mag-aaral.
11. Pagbutihin ang propesyonal na pagpapaunlad at palalimin ang mga samahan sa pagitan ng mga distrito ng paaralan at mga organisasyon para sa mga komunidad ng mga imigrante.

#### **Inklusibong Pag-access:**

12. Palawakin ang pag-access sa wika at siguraduhing ang mga serbisyo ay madaling mapapakinabangan at tumutugon sa kultura.
13. Isulong ang mga karapatang sibil at alisin ang masasamang gawain.
14. Dagdagan ang mobilidad at paggamit ng pampublikong transportasyon.

#### **Pakikibahagi sa Lipunan:**

15. Dagdagan ang pakikilahok sa lipunan para sa mga baguhan at naghahangad na maging Amerikano.
16. Lumikha ng imprastruktura upang bumuo at suportahan ang pakikibahagi sa lipunan na nagpaparami sa mga naturalisasyon.
17. Humubog ng mga pinunong imigrante at refugee.

#### **Mga Ligtas at Konektadong Komunidad:**

18. Itaguyod ang pagtitiwala at komunikasyon sa pagitan ng mga kagawaran sa pagpublikong kaligtasan at mga residenteng imigrante.
19. Palakihin ang kapasidad ng mga tagapagpatupad ng batas upang mapaglingkuran ang mga komunidad na multilinggwal at multikultural.
20. Padaliin ang pagbubuo ng komunidad sa pagitan ng mga residenteng ipinanganak dito at ipinanganak sa ibang bansa.

I-access ang buong plano online sa: [www.welcomingsd.org](http://www.welcomingsd.org)

